

Mga tanong sa Lingguhang claim para sa COVID-19 (coronavirus)

Ginagamit ang mga pang-emergency na panuntunan para sa mga manggagawa at employer na apektado ng COVID-19. [Matuto pa sa page para sa COVID-19.](#)

Mahalagang impormasyon (na-update noong Agosto 5, 2020)

- Ipinagpaliban ang "waiting week" (linggo ng paghihintay) para sa mga claim na inihain noong o pagkatapos ng Marso 8, 2020 bilang bahagi ng mga pang-emergency na panuntunan kaugnay ng COVID-19.
- Opsyonal na ngayon ang paghahanap ng trabaho. Hindi maaantala ang iyong benepisyo dahil sa pag-uulat tungkol sa hindi paghahanap ng trabaho.
- Mas mabilis ang [paghahain online](#) kumpara sa pamamagitan ng telepono. Nakatatanggap kami ng napakaraming tawag dahil sa pagtaas ng demand, at maraming customer ang hindi nasasagot ang tawag.
- Bilang karagdagan sa mga regular na Insurance sa Pagkawala ng Trabaho (Unemployment Insurance, UI) na tanong sa lingguhang claim sa ibaba, ang mga claimant ng Tulong para sa Pagkawala ng Trabaho sa Panahon ng Pandemya (Pandemic Unemployment Assistance, PUA) ay dapat [sumagot ng mga karagdagang tanong para patunayan ang kanilang pagiging kwalipikado para sa mga benepisyo](#). Isa ito sa iniaatas ng pederal na batas.

Pumunta sa [page ng mga tanong at gabay kaugnay ng pagiging kwalipikado sa PUA](#)

Mga tanong na ibinibigay namin kaugnay ng iyong lingguhang claim

Pareho lang ang mga tanong na ibinibigay namin, inihain mo man ang iyong lingguhang claim online o sa pamamagitan ng telepono.

- Pisikal ka bang nakakapasok at available para sa trabaho bawat araw?
 - Kung nawalan ka ng trabaho bilang resulta ng COVID-19 dahil sa pagsasara ng negosyo o ikaw ay nasa mataas na panganib ng pagkakaroon ng COVID-19 at pinayuhang mag-self quarantine, dapat ka pa ring sumagot ng "Oo" sa tanong na ito.
- Nagsagawa ka ba ng aktibong paghahanap ng trabaho, gaya ng iniaatas, sa loob ng linggo na kine-claim mo ngayon?

- Maliban na lang kung naaprubahan ang iyong kahilingan para sa pag-standby, kinakailangan mong aktibong maghanap ng trabaho para makatanggap ng mga benepisyo sa pagkawala ng trabaho.
 - **Narito ang ilang suhestyon para matulungan ka sa pagkumpleto ng iyong kinakailangan sa paghahanap ng trabaho sa panahon ng outbreak na dulot ng COVID-19:**
 - Mag-apply sa mga trabaho sa pamamagitan ng [WorkSourceWA.com](https://www.worksource.com).
 - Magsumite ng mga aplikasyon sa pamamagitan ng mga search engine gaya ng Indeed, CareerBuilder, at Monster, para pangalanan ang ilan.
 - Pagtawag sa mga employer na alam mong nagha-hire para sa mga potensyal na trabaho.
 - Pagkumpleto ng mga available na virtual na workshop na ibinibigay ng [WorkSource](https://www.worksource.com).
 - **Tandaan:** Dapat ay mag-apply ka sa mga trabahong mayroon ka nang mga naunang karanasan, pagsasanay, o edukasyon. Inilalarawan ito bilang naaangkop na trabaho.
 - Isasaalang-alang namin ang anumang pagsusumikap na isinagawa para makumpleto ang mga kinakailangan sa paghahanap ng trabaho kapag tinutukoy ang lingguhang pagiging kwalipikado sa pagkawala ng trabaho.
- Kung sasagot ka ng "oo" sa tanong tungkol sa aktibong paghahanap ng trabaho at wala kang pagbubukod mula sa iyong mga kinakailangan sa paghahanap ng trabaho, bibigyan ka ng karagdagang tanong. Dapat mapatunayan mong nagsagawa ka ng naaangkop na bilang ng mga pakikipag-ugnayan sa employer o personal na aktibidad bawat linggo (sa [WorkSource](https://www.worksource.com) o sa isang [American Job Center](https://www.americanjobcenter.com) sa isa pang estado), at naitala mo ang impormasyong ito sa iyong log sa paghahanap ng trabaho.
- Dapat ding maghanda ang mga claimant na wala sa estado na itala ang mga pakikipag-ugnayan kaugnay ng paghahanap ng trabaho para sa bawat linggong kine-claim nila.
- Para sa mga pakikipag-ugnayan sa employer, kakailanganin mong ibigay ang mga sumusunod na item mula sa iyong log sa paghahanap ng trabaho para sa bawat pakikipag-ugnayang ginawa: ang petsa; ang pangalan at kumpletong address ng negosyo; numero ng telepono o email ng negosyo; paano isinagawa ang pakikipag-ugnayan; ang taong nakaugnayan mo; at ang uri ng trabahong hinahanap mo.
- Para sa mga personal na aktibidad (sa [WorkSource](https://www.worksource.com) o sa isang [American Job Center](https://www.americanjobcenter.com) sa isa pang estado), kakailanganin mong ibigay ang sumusunod mula sa iyong log sa paghahanap ng trabaho para sa bawat aktibidad: ang petsa, ang tanggapan, at isang paglalarawan ng aktibidad.
- May tinanggihan ka bang anumang alok na trabaho o hindi ka ba nakapunta sa isang nakaiskedyul na panayam para sa trabaho?

- Nag-apply ka ba para sa o nakatanggap ka ba ng bayad sa mga manggagawa o biktima ng krimen?*
- Nag-apply ka ba para sa pensyon o may nagbago ba sa iyong pensyon?*
- Nakatanggap o makakatanggap ka ba ng bayad para sa holiday mula iyong regular na employer para sa anumang araw sa linggong kine-claim mo?*
- Nakatanggap o makakatanggap ka ba ng bayad para sa bakasyon para sa anumang araw sa linggong kine-claim mo?*
- Nakatanggap o makakatanggap ka ba ng bayad sa halip na abiso o bayad para sa pagtanggap sa trabaho para sa anumang araw sa linggong kine-claim mo?*
- Naglingkod ka ba sa isang jury?*
- Nanungkulan ka ba sa Reserve ng Militar o Pambansang Bantay (National Guard) sa loob ng mahigit 72 magkakasunod na oras?*
- Nag-self-employment ka ba?*
- Nagtrabaho ka ba para sa sinumang employer sa nakalipas na linggo?*

*** Iulat ang mga kita para sa linggo kung kailan mo kinita ang mga ito, hindi sa linggo kung kailan mo natanggap ang mga ito.** Iulat ang kabuuang halaga bago ang mga deduksyon. Para sa self-employment, iulat ang iyong net na kita. Itatanong din sa iyo ang kabuuang oras o araw kung kailan ka nagkaroon ng kita.

Tsart ng Deduksyon sa Mga Kita

Para matulungan kang matukoy kung gaano kalaki ang mababawas sa iyong lingguhang claim, maaari mong i-download ang [kasalukuyang tsart ng Deduksyon sa Mga Kita \(Earnings Deduction\)](#).

Kung nagtrabaho ka sa linggong iyon, ihandang ibigay:

- Ang halaga ng kinita mo sa linggong iyon, kahit na hindi ka pa nababayaran. (Kasama sa mga kita ang lahat ng bayad na kinita mo para sa mga personal na serbisyo, kasama ang mga sahod, komisyon, at bonus, ang halaga ng cash na ibinayad sa anumang paraan bukod pa sa cash, at ang makatwirang halaga ng mga tip.)
- Kung gaano katagal kang nagtrabaho sa linggong iyon.
- Ang pangalan ng negosyo ng iyong employer.
- Ang kumpletong address ng negosyo ng iyong employer.
- Ang petsa kung kailan ka nagtrabaho sa linggong ito.

Pagkatapos ilagay ang iyong mga kita

Itatanong sa iyo ang, "Inaasahan mo bang magtatrabaho ka pa rin para sa parehong employer sa susunod na linggo?" Kung sasagot ka ng hindi, dapat ay isaad mo ang dahilan:

1. Kakulangan ng trabaho

- Halimbawa, isinara o binawasan ng employer na iyon ang mga tauhan dahil sa kawalan ng negosyo o pampublikong direktiba sa kalusugan sa panahon ng outbreak na dulot ng COVID-19.
2. Binawasan ang mga oras dahil sa kakulangan ng trabaho
 3. Pagkatanggal sa trabaho
 4. Umalis ka sa trabaho
 5. Iba pang dahilan

Mayroon ka bang anupamang maiuulat na kita?

Kung hindi ka sigurado kung maiuulat ba ang iyong mga kita, tingnan ang listahan sa ibaba mula sa pahina 27-28 sa [Handbook para sa Mga Manggagawang Walang Trabaho \(Handbook for Unemployed Workers\)](#) (PDF, 2.9MB).

Kapag nakumpleto mo na ang iyong mga sagot, sasabihin o ipapakita ng system ang mensaheng, "**Natanggap na ang iyong claim (Your claim has been accepted).**"

Kasama sa mga maiuulat na kita ang:

1. Net income mula sa iyong sariling negosyo.
2. Mga in-kind na bayad na kapalit ng pera, gaya ng renta o kuwarto at board.
3. Mga bonus mula sa trabahong isinagawa sa linggong iyon.
4. Mga tip sa anumang anyo.
5. May bayad na pagliban dahil sa bakasyon, mga holiday, at sakit.
6. Bayad para sa Military Reserve at National Guard kung nagtrabaho ka nang mahigit sa tatlong araw na magkakasunod.
7. Bayad para sa pagseserbisyo sa jury.
8. Mga kita mula sa work study sa estado (hindi kasama ang mga Titulo IV na pondo).
9. Bayad mula sa isang employer, gaya ng back pay (kasama ang back pay mula sa claim sa nawalang oras o bayad sa mga manggagawa) para sa mga linggong na-claim mo.

Kung magkakamali ka sa iyong lingguhang claim

Kung magkakamali ka habang inihahain ang iyong lingguhang claim, maaari kang magsimula ulit anumang oras bago mo marinig o makita ang, "**Natanggap na ang iyong claim.**" Sa karamihan ng sitwasyon, magkakaroon ka ng pagkakataong itama ang mga pagkakamali habang isinusumite ang iyong claim.

Kung matutuklasan mo ang iyong pagkakamali ***pagkatapos*** isumite ang iyong lingguhang claim, kakailanganin mong tumawag at makipag-usap sa isang ahente para sa mga claim. Tumawag sa [800-318-6022](tel:800-318-6022) para itama ang error. Para sa mga napapanahong impormasyon sa pakikipag-ugnayan at oras ng center ng mga claim, pumunta sa: <https://esd.wa.gov/unemployment/unemployed-workers-contact>

Maaaring magresulta ang hindi pagtawag sa center ng mga claim para itama ang iyong error sa isang [overpayment](#) at posibleng tanggihan ang iyong mga benepisyo.

Mga tanong na ibinibigay namin kaugnay ng iyong lingguhang claim sa PUA

Tinutukoy sa mga tanong na ito ang mga dahilang nauugnay sa COVID-19 kung kaya nagiging kwalipikado ang isang tao para sa PUA. Sagutin ang mga tanong nang tapat. Hinihingi ng Tulong, Ginhawa, at Pang-ekonomikong Seguridad patungkol sa Coronavirus (Coronavirus Aid, Relief, and Economic Security, CARES Act) ang mga ito at maaaring tasahin ng Kagawaran sa Paggawa ng U.S. (U.S. Department of Labor) ang mga claim. Kung hindi ka na kwalipikado para sa PUA, maaaring kwalipikado ka na mag-apply ulit para sa mga benepisyo ng regular na pagkawala ng trabaho.

Nauugnay lang ang mga tanong na ito sa linggo na iyong kine-claim. Karagdagan ang mga ito sa mga UI na tanong sa lingguhang claim. Ang mga tanong na ito ay nasasagot ng oo o hindi. Nagbibigay ng higit pang impormasyon ang aming [gabay sa pagkawala ng trabaho kaugnay ng COVID-19](#) tungkol sa pagsagot sa mga tanong na ito. simula sa pahina 28.

Kung isusumite mo ang iyong lingguhang claim sa PUA sa pamamagitan ng elektronikong paraan gamit ang eServices, maaari mong sagutin ang mga tanong na ito sa pagiging kwalipikado online. Kung isusumite mo ang iyong claim gamit ang aming naka-automate na system sa telepono, magpapadala kami sa iyo ng questionnaire na dapat mong sagutan at ibalik kaagad. Dapat ay matanggap namin ang iyong mga sagot at maproseso ang mga ito para maituring kang kwalipikado para sa PUA. Maaaring bayaran namin ang iyong mga benepisyo batay sa kundisyon habang hinihintay namin ang iyong mga sagot, pero kung hindi namin matatanggap ang iyong mga sagot sa questionnaire, kakailanganin mo kaming bayaran. **Maaaring maiba nang bahagya ang mga tanong kung isusumite mo ang iyong lingguhang claim sa pamamagitan ng telepono. Lubos naming inirerekomenda ang paghahain ng iyong lingguhang claim sa PUA sa eServices kung posible.**

[Mga tanong at gabay kaugnay ng pagiging kwalipikado sa PUA](#)

Ang Employment Security Department ay isang employer/programa na may pantay na oportunidad. Available ang mga karagdagang tulong at serbisyo sa mga indibidwal na may mga kapansanan kung hihilingin. Available nang libre ang mga serbisyo ng tulong sa wika para sa mga indibidwal na may limitadong kasanayan sa Ingles. Serbisyo sa Paghahatid ng Washington (Washington Relay Service): 711